

# MGA PANGULO NG FARMERS ASSOCIATION, PINULONG NG CITY MAYOR NG CALAPAN



ISANG simpleng pagpulong ang ipinatawag ni City Mayor Malou Flores-Morillo para sa mga Famer's Associations na kasapi ng Calapan City Federation of Farmer's Association (CALFFA). Ito ay upang kamustahin ang kasalukuyang kalagayan ng sektor ng magsasaka partikular ang mga rice farmers sa lungsod.

S i n a m a n t a l a naman ng mga nagsid-along pangulo ng mga samahan na maipaabot sa Punong Lungsod ang suliranin at pangangailangan sa bukirin ng kani-kanilang FA.

Kabilang sa mga

nailapit na kahilingan ng mga magsasaka ay ang kakulangan sa makinarya tulad ng traktora. May Malaki ring pangangailangan sa suplay ng patubig ang ilan sa kanila kung kaya idinudulog nila na mabigyan sila ng water pumps o kaya naman ay mapatayuan din sila ng solar powered irrigation system. May mga sakahan din naman na ang problema ay kung papaano magpaiga ng tubig.

Sa lahat ng kanilang kahilingan ay imungkahi ng Punong Lungsod na agarang isumite sa kanyang tanggapan ang kauukulang resolusyon

upang mabilis na matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Sa nasabing pagpulong ay maluwag na naiparating ng mga magsasaka sa pamamagitan ng kanilang mga pangulo ang hinaing at suhestiyon upang higit nilang mapag-ibayo ang pagpaunlad ng agrikultura sa Lungsod ng Calapan.

Masayang ibinalita ni Mayor Malou na nagbubunga ng magandang resulta ang kanyang mga ginagawang pakikipag-ugnayan sa mga ahenyang nasyunal na maaaring makatulong tulad ng Bureau of Soils and Water

Management at PhilMech.

May mga naipatapos na rin at may ilan pang ongoing construction ng farm to market roads na magpapaalwan ng pagdadala ng produkto ng mga magsasaka.

Tuluy-tuloy din ang pagpapatupad ng mga interbensyon gaya ng subsidiya sa binhi at fertilizer at alternatibong pangkabuhayan para sa mga magsasaka sa ilalim ng City Aggricultural Services Department.

Ang mga ginagawang ito ni City Mayor Morillo ay patunay lamang na sadyang malapit sa kanyang puso ang mga

magsasakang Calapeño at maaasahan na patuloy niyang kakalingain at bibigyan sila ng pantay-pantay na pagtrato.

Kasamang nangunusta sa mga magsasaka sina City Administrator Atty. Reymund Al Ussam at Chief of Staff Joseph Umali.

Abut-abot ang pasasalamat ng mga magsasakang kasapi ng CALFFA sa ipinakitang pagmamalasakit para sa kanila ni City Mayor Malou Morillo (Junard Acapulco/CIO).



# THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO PUBLISHER / OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO ANTON VIKTOR LANDICHO STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUUND AL USSAM LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Nasa humigit kumulang sa 600 kwalipikadong mag-aaral mula sa ibat-ibang paaralan sa Segunda Distrito sa mga bayan ng Bulalacao at Mansalay na benepisyaryo ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) financial assistance ang tumatanggap ngayon ng pag-alalay mula sa naturang ahensya.

Matatandaang ito ay sa pamamagitan ng inilaang pondo ng tanggapan ni Senator Robinhood Padilla sa AICS program ng DSWD



sa pakikipag-ugnayan ng Pamahalaang Panlalawigan. Inihatid naman ito ng kinatawan ng senador na si G. Andy Gonzaga. Maliban pa rito ang food packs na ipinamahagi rin ng ahensya sa mga natukoy ng LGU na recipients nito. Samantala, kaagapay ng DSWD sa pamamahagi si Sangguniang Panlalawigan Presiding Officer at Vice-Governor Ejay Falcon, Board Members Atty. Jom Dimapilis at Atty Roland Ruga, gayundin,

si PSWD Officer Zarah C. Magboo. Si Governor Bonz sinikap na iparating ng personal ang kanyang mensahe via phone sa maraming mamamayang Mindoreño na naghintay sa kanya. Ginawa ito ng Punong Ehekutibo dahil sa mahalagang gawain at upang kahit paano'y maramdaman pa rin ng mga kababayan niya ang personal niyang presensya lalo pa't bawat isang Oriental Mindoreño ay mahalaga sa kanya. (PIO Calapan)

# PROJECT: ABKD (AWARENESS OF BOMBS THAT KILL LIVES AND DESTROY PROPERTIES)

31 BARANGAY PEACE-KEEPING ACTION TEAMS (BPAT's), Pitong (7) Barangay Kagawad at dalawang Barangay Captains mula sa Lungsod ng Calapan kasama ang 20 PNP-Field Training Program (FTP); sila ang mga naging partisipante sa PROJECT: ABKD (Awareness of Bombs that Kills and Destroy properties) ng PNP - Explosive Ordinance Disposal and Canine Group na isinagawa sa City College of Calapan Activity Center, City Hall Complex Barangay Guinobatan Calapan City, Hulyo 19, 2023.

Dito ay naging guest speaker BGEN ALBERT G MAGNO, Director PNP - EOD/K9 Group. Ipinaliwanag ng opisyal ang importansya ng nasabing gawain at kanyang binigyang diin ang mahalagang papel at gampanin ng mga force multipliers sa mga barangay tulad ng mga BPAT's at Barangay Officials bilang silang pangunahing nakaalam sa mga kaganapan

sa kanilang nasasakupan. Nakibahagi din sa nasabing gawain sina PCOL JONATHAN B. ABELLA, Deputy Director for Operations, PNP-EOD K9 Group, PMAJ ALEJANDRO L. PARTE JR, OIC-RECU 4B at PCAPT SHERWIN P. BULLONG, Admin/Operations Officer-RECU 4B.

Tinalakay sa oryentasyon ang mga sumusunod na paksa: Applicable Laws, Role of First Responders, Bomb Identification and Detection, Types and Effects of Explosion, Bomb Threat Management, Parcel Bomb, Bomb Incidents at Civic Duty and Reporting Technique.

Bilang kinatawan ni City Mayor Malou Flores-Morillo ay dumalo sa gawain ang kanyang Chief of Staff na si Joseph Umali. Sa kanyang mensahe ay ipinahayag niya ang malugod na pagtanggap sa pamunuan ng PNP-EOD/K9 Group sa pangunguna ni BGEN MAGNO.

Lubos din ang

kanyang pasasalamat sa pagkakapili sa Lungsod ng Calapan upang pagdausan ng PROJECT: ABKD, na aniya'y magiging kapakipakinabang para sa mga BPAT's bilang silang katuwang ng Pamahalaang Lungsod sa pagtitiyak ng kaayusan at katiwasayan sa mga komunidad. Imunungkahi din niya na ibahagi sa kanilang mga kabarangay ang mga

matututunan sa pagsasanay. "Ilayo at huwag ilalapat, subalit importanteng lagi tayong handa sa anumang posibilidad ng insidente ng pagsabog, nag sa gayon ay alam natin ang ating gagawing aksyon upang maligtas ang ating sarili at kapwa sa anumang panganib" - Chief of Staff, Joseph Umali.

Si Mayor Morillo bilang Ina ng Lungsod ng

Calapan ay laging tinitiyak ang kaligtasan ng kanyang mga anak na Calapeño sa anumang kalamidad na hatid ng kalikasan at magiging sa krisis na kagagawan ng tao sa pamamagitan ng tamang paghahanda at pagbibigay ng nararapat na kaalaman sa Taumbayan (Junard Acapulco/CIO).

Si Mayor Morillo bilang Ina ng Lungsod ng



# 49TH NUTRITION MONTH CELEBRATION | CLUSTER-4

AKTIBONG nakiisa si City Mayor Marilou Flores-Morillo kasama si City Health and Sanitation Officer, Dr. Basalisa M. Llanto sa "Cluster-4 - 49th Nutrition Month Celebration" na nakaangklala sa temang "Healthy Diet Gawing Affordable for Seniors! Sabayan ng Eherisyon, Nutrisyon aty Itama, Oldies Recipes Subukan!", ginanap sa Barangay Buhuan, covered court noong ika-18 ng Hulyo.

Matagumpay na naisagawa ang gawain sa pamamagitan ng City Health and Sanitation Department sa pangunguna ni CHSO Dr. Llanto, at City Nutrition Action Officer, Ms. Glenda M. Raquepo, RN, kasama ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod na mula sa CHSD-Nutrition Section.

Tampok sa makabuluhang gawaing ito ang mga aktibong lolo at lola na mula sa iba't ibang Barangay na kabilang sa Cluster-4, kung saan nakasama rin nila rito

ang mga dumalong Punong Barangay, Kagawad, BHW, at BNS.

Ang Cluster-4 ay binubuo ng mga sumusu-

nod na Barangay: Batino, Biga, Buhuan, Bucayao, Camasihan, Gulod, Malad, Managpi, Nag-iba I, Nag-iba II, Panggalaan, Putting Tubig, at Sta. Cruz.

Kaugnay sa naturang programa, nagkaroon sila ng talakayan tungkol sa Healthy Diet, Search

for Mr. and Ms. Senior Citizens 2023, Zumba Activity, at Cooking Contest (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



FOR COPY & LETTERPRESS PRINTING • CAPTION & LETTERPRESS PRINTING • CRUISE & LETTERPRESS PRINTING

SINAG PUBLISHING AND PRINTING

# SINAG PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna  
Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079  
Email add: tambull\_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!  
Books, yearbooks, marketing collaterals  
www.sinagprintingpress.com  
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



Gasolina at Krudo,  
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,  
CALAPAN CITY, OR. MINDORO  
CONTACT: 09295453013

# INTERNATIONAL WELOVEU FOUNDATION GIFT GIVING

DUMALO AT NAKIISA si City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si Provincial DRRM Officer, Mr. Vincent 'Enteng' Gahol sa isinagawang "International WeLoveU Foundation | Donations for 100 Households Affected by Oil Spill in Oriental Mindoro, MIMAROPA na ginanap sa Kalap Hall, City College of Calapan Compound, noong ika-20 ng Hulyo.

Matagumpay na naisakutuparan at naisagawa ang aktibidad sa pamamagitan ng "International WeLoveU Foundation" sa pangunguna ni Ms. Zahng Gil-Jah (Chairwoman of International WeLoveU Foundation), kung saan kasamarin sa naturang gawain sina Mr. Phil Park (International WeLoveU Foundation

Branch Manager), at Mr. Lee GunHang (National Director, International WeLoveU Foundation-Philippines).

Bukod sa 5,000 Pesos na mula sa WeLoveU Foundation, ang 100 na mga benepisyaryo ay nakatanggap din ng food packs na mula sa ABS-CBN Sagip Kapamilya, at Procter and

Gamble sa inisyatibo ng Provincial Government of Oriental Mindoro sa ilalim ng pamumuno ni Governor Humerlito 'Bonz' A. Dolor.

Samantala, naging katuwang ng mga miyembro ng WeLoveU Foundation ang Provincial Government of Oriental Mindoro at City Government of Calapan sa pamama-

hagi ng tulong para sa mga mamamayan na silang lubos na nagpapasalamat.

Mula noong umusbong ang problema sa oil spill, hindi huminto at patuloy sinisikap ng butihing Ina ng Lungsod na si Mayor Morillo na gumawa ng paraan para matulungan ang mga Calapeño na naapektuhan nito. (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

